# MGA PANUNTUNAN SA GAWI

Ang San Diego County Library ay nagbibigay ng masiyahing kapaligiran kung saan puwedeng magtipon, matututo, at mag-isip-isip ang komunidad. Pinoprotektahan ng Mga Panuntunan sa Gawi ang mga karapatan ng mga customer, kawani, at volunteer habang tinitiyak ang pagpreserba sa mga materyal at pasilidad ng aklatan. Pakitulungan kaming magpanatili ng kapaligirang ligtas, kung saan masisiyahan ang lahat.

**Hindi pinapayagan ang mga sumusunod na asal at aktibidad:**

Ilegal na aktibidad.
Hindi pagsunod sa mga kautusan o hakbang sa pampublikong kalusugan na ipinapatupad ng aklatan
para matiyak ang pagsunot sa mga kautusan sa pampublikong kaligtasan.
Panliligalig, mga pagbabanta, at/o pananakot kasama ang mapang-abusong wika na
nanghihimok ng karahasan, o iba pang ingay o gawing para sa at makatuwiran at malamang na
pang-aabala ng iba.
Mga ilegal na dalang armas, anuman ang uri ng mga ito. Pagnanakaw o paninira ng ari-arian.
Paninigarilyo, paggamit ng vape, o pag-inom ng alak sa pag-aari ng aklatan o sa loob ng 20' sa
labasan.  Pangingikil para sa mga komersyal na layunin at panlilimos.
Paliligo, pag-groom, paglalaba ng damit, o paggamit ng banyo na hindi para sa nakalaan nitong
paggamit. Mga batang walang kasama na 8 taong gulang pababa; ang mga bata ay dapat may
kasamang responsableng panig na 12 taong gulang pataas.
Mga amoy o hygiene na nagdudulot ng abala sa ibang tao.
Pagpasok sa Aklatan nang hindi nakasuot nang naaangkop na damit, kasama ang mga sapatos
at shirt. Pagtulog o labis na paggamit ng personal na espasyo na nakakahadlang sa pag-access
sa mga espasyo ng ibang customer. Pagdadala ng anumang container, package, briefcase,
parcel, o bundle sa aklatan na lampas 24"x 18"x 6" ang sukat, isa o marami man ang mga ito.
Pagdadala ng mga shopping cart o may gulong na conveyance sa gusali, maliban sa mga
wheelchair at baby stroller/carriage na ginagamit para sa aktuwal na pagsakay ng tao o bata, o
mga may gulong na backpack at book carrier na hindi lalampas sa 24"x15"x12" ang sukat (hindi
kasama ang mga hawakan). Pagdadala ng mga sleeping bag, bedroll, o kumot sa gusali
(tinatanggap ang mga kumot para sa maliliit na bata). Pag-iwan ng mga personal na gamit o
paglalagay sa mga ito sa paraang nakakaabala sa iba sa ligtas na pag-access papasok, palabas,
at sa buong aklatan.
Pagpapatugtog ng audio equipment para marinig ito ng iba, maliban na lang kung ang device ay
alinsunod sa Batas para sa Mga American na May Kapansanan (Americans with Disabilities Act);
pagkanta o pagsasalita nang malakas sa loob ng aklatan maliban na lang kung bilang isang
kalahok sa isang event ng aklatan; o iba pang katulad na ingay na nakakaabala sa paggamit ng
aklatan ng ibang customer.
Mga hayop maliban sa mga gabay na hayop.
Pagkain o walang takip na inumin, maliban na lang kung ibinigay bilang bahagi ng event sa
aklatan. Anumang nakakaabalang gawi na matutukoy ng kawani ng Aklatan na nakakaabala sa
nilalayong paggamit ng aklatan ng ibang customer o sa pagsasagawa ng tungkulin ng mga
kawani.

Ipapatupad ang lahat ng naaangkop na pederal, pang-estado, at lokal na batas.